

Guidebook para sa pagpasok ng high school sa Shizuoka Prefecture 2021

MGA NILALAMAN

I. MGA SISTEMA NG PAGPAPAARAL NG JAPAN	1
1. Mga sistema sa Paaralan ng Japan	
2..Mga mag-aaral na maaaring kumuha ng Eksaminasyon	
II. MGA URI NG HIGH SCHOOL	2
1. <i>Gakunen-sei</i> o Sistema ayon sa Antas ng Taon at <i>Tan-i-sei</i> o (Yunit ng Aralin)	
2. Mga Kursong Pagpipilian	
III. MGA GASTUSIN SA HIGH SCHOOL	3
1.Entrance fee,mga gastusin hanggang makapasok	
2.Mga bayarin kung makapasok na	
3. Tuition fee at iba pang bayarin sa loob ng isang taon	
4. Mga iba pang babayaran.	
IV. TUNGKOL SA SCHOLARSHIP AT PAUTANG PARA MAKAPAG-ARAL	5
V. SISTEMA NG PAGPILI NG MGA ESTUDYANTENG PAPANASOK SA PAMPUBLIKONG HIGH SCHOOL	7
VI. CHOUSA-SYO (STUDENT INFORMATION SHEET)	9
VII. SCHEDULE BAGO KUMUHA NG EKSAMINASYON	11
1. Third year junior high school	
2. Ang Iskedyul ng Entrance examination sa Public High Schools	
3. Ang Iskedyul ng Entrance Examination sa Pribadong Senior High School	
VIII. KONSULTASYON TUNGKOL SA EDUKASYON	12
IX. KAHULUGAN NG MGA SALITANG GAGAMITIN SA PAGKUHA NG EKSAMINASYON AT PAGPASOK SA HIGH SCHOOL	13
<Publikong Paaralan sa Shizuoka Prefecture>	14
<Pribadong Paaralan sa Shizuoka Prefecture>	18
<Paaralan para sa may Espesyal na Pangangailangan sa Pag-aaral sa Shizuoka Prefecture>	20
<Iba pang Konsultasyon maliban sa Pag-aaral>	22

I. MGA SISTEMA NG PAGPAPAARAL NG JAPAN

1. Mga Sistema sa Paaralan ng Japan

Sa Japan, pagkatapos ng junior high school, halos 95 porsiyento ng estudyante ay nagpapatuloy sa Senior high school. Kung hindi makatapos ng pag-aaral sa Senior High School ay mahihirapang makapaghanap ng trabaho.

Upang makapasok ng Senior High School, Kinakailangan makapasa sa Entrance Examination.


Sa Senior High School ay may pag-aaral para makapagtrabaho at pag-aaral para maipagpatuloy ang College.

Sa pagpili ng papasukang Senior High School, ay may kauganayan din kung ano ang gustong maging trabaho o kung anong paaralan ang nais pasukan kung makatapos dito. Kung nasa tamang edad na ano ang gustong gawin, ano ang pwedeng gawin sakaling makatapos.

Makipag-usap sa Pamilya at Guro, planuhing mabuti.

Sa Elementary at Junior High School ay walang bumabagsak. Sa high school kung hindi mag-aaral ng mabuti o maraming pagliban sa klase ay maaaring bumagsak at hindi makapagpatuloy sa susunod na grado at maaari na hindi makakagradweyt.

Pagkagradweyt ng Senior High School 50% ay nag-aaral ng College. Sa Vocational Course (Tan dai) at Community College (Senmon gakkou) 80% ang nagpapatuloy. Kung makatapos ng College, maraming pagpipilian na trabaho.



2. Mga mag-aaral na maaaring kumuha ng eksaminasyon.

Higit sa 15 taong gulang sa Abril 1 ng taong papasok sa high school. Narito ang tatlong kondisyon para kumuha ng eksaminasyon, kinakailangan mayroon nito

Alinsunod sa bilang (1) hanggang (3) kinakailangan na kahit isa dito ay nakuha o nakapagtapos.

(1) Nakapagtapos ng Junior High School, nakagradweyt sa buwan ng Marso sa Japan.

(2) Nakapagtapos at nakapag-aral sa loob ng 9na taon sa ibang bansa.

(3) Nakapagtapos at nakapag-aral sa Paaralan ng mga foreigner (Hal. Paaralan ng Brazil) sa Japan.

Chuugakkou Sotsugyou Teido Nintei Shiken o pagpasa sa eksaminasyon na ginaganap tuwing bago magkatapusan ng Oktubre.

Makipag-ugnayan para sa iba pang katanungan sa Departamento ng Edukasyon sa Shizuoka Ken.

Tel: 053-221-2942

II. MGA URI NG HIGH SCHOOL

Para sa oras ng pagpasok may tatlong klase ng Senior High School. Tingnan sa grap sa ibaba. Para sa mga Detalye may impormasyong sa Senior High School (Gakkou Annai) nakasulat ito. Maaring kumuha ng “gakko annai” sa Senior High School na gustong pasukan o sa pinapasukang Junior High School makipag-usap sa guro para dito.

Zennichi-sei (Pang- araw) Pampubliko / Pribado	Teiji-sei (Panggabi) Pampubliko		Tsushin-sei (Correspondence) Pampubliko / Pribado Tan-i-sei
<i>Gakunen-sei / Tan-i-sei</i> Sistemang Grado / Systemang Yunit	<i>Gakunen-sei</i> Sistemang Grado	<i>Tan-i-sei</i> Sistemang Yunit	<i>Tan-i-sei</i> Sistemang Yunit
Araw-araw 8:30-16:00	Araw-araw 17:30~21:00	Karamihang pang-araw-araw. May kursong umaga, hapon at gabi.	Sariling pag-aaral at pagpapasa ng takdang aralin. pagadalo sa klase na tinatawag “schooling” nang ilang beses sa isang buwan para mag-aral kasama ng guro.
Tatlong taon	Apat na taon *May paraan para makatapos ng tatlong taon	Tatlong taon o higit pa. *Pitongpu at apat na unit o higit pa ang kinakailangan para makapagtapos.	
FUTSU-KA *1 (Karaniwang kurso) SENMON GAKKA *2 (Espesyalistang kurso) SOGO-GAKKA *3 (general studies course)	FUTSU-KA (Karaniwang kurso) SENMON-GAKKA (Espesyalistang kurso; Industriya, Negosyo)	FUTSU-KA (Karaniwang kurso)	FUTSU-KA (Karaniwang kurso)
Tignan sa pahina 14-16, 18-19.	Tignan sa Pahina 17. Halos lahat ng eskuwelahan ay naghahanda ng hapunan (dinner).	Tignan sa Pahina 17. May tatlong high school • Mishima Choryo • Shizuoka Chuo • Hamamatsu Ohiradai	Pahina 17,19. Para lang sa Shizuoka Chuo high school Pampubliko Paaralan Lugar at araw ng schooling 1) Chuo Campus (Central Campus) : Linggo at Miyerkules 2) Tobu Campus (East Campus, nasa loob ng Mishima Choryo Campus : Linggo at Huwebes. 3) Seibu Campus (West Campus, nasa loob ng Arai high school Campus) Linggo at Huwebes.

1. *Gakunen-sei* o Sistema ayon sa Antas ng Taon at *Tan-i-sei* o Sistema ayon sa Yunit ng Aralin

Ang *Gakunen-sei* o Sistema ayon sa Antas ng Taon, ay 1st year, 2nd year, pagkatapos ng 3rd year ang Graduation. Ang *Tan-i-sei* o Sistema ayon sa Yunit ng Aralin ay may itinakdang subject (paksa) depende sa unit(tan-i) ay tatapusin. Sa loob ng 3 hanggang 4 na taon na pag-aaral kailangang makuha ang lahat ng unit at makakagradweyt na

2. Mga Kursong Pagpipilian

FUTSU KA (Karaniwang kurso) – Pangkalahatan kaalaman sa pag-aaral kung nasa tamang edad na (kyotsuu-kyoka o Karaniwang kurso). Paaralang nagtuturo ng ukol sa pagpasok sa College, pag-aaral sa pagkadalubhasa o (senmon teki) na Paaralan, magkaibang pag-aaral depende sa School.

SENMON-GAKKA (Espesyalistang Kurso) – Para maging dalubhasa, matuto ang mga estudyante dito ng mga special na kaalaman, May dalawang klase ang pag-aaral na ito Agrikulture, industriya, negosyo, pangangisda, home economics, welfare na trabaho. At ang isa pang klase ay kurso sa kasanayan agham (Science), matematika (Math) sining (Art) at kaugnayan sa pandaigdigang pag-aaral (International Studies), mayroon ding pag-aaral para sa pagkuha ng iba’t ibang kwalipikasyon(shikaku).

SOGO-GAKKA (General study course) – Ano ang interes, kakayahan o hangarin sa iyong kinabukasan, KYOTSUU KYOKA o (karaniwang kurso), pagsasaka, o welfare SENMON GAKKA (espeyalistang kurso) makakapamilya kung anong gustong kurso.

III. MGA GASTUSIN SA HIGH SCHOOL

Dahil pinamaahalaan ng gobyerno ng lungsod o prefecture ang pampublikong eskuwelahan, hindi masyadong magastos sa mga kagamitan at pasilidad.

Sa pribadong paaralan depende sa papasukang paaralan ang halaga ng mga bayarin.

Magkaiba ang kabayaran sa eksaminasyon sa pampribado at pampublikong paaralan.

1. Bayad sa entrance na eksaminasyon at sa pag-umpisa ng pasukan.

	Pampublikong high school				Pribadong eskuwelahan Pang-araw (ex.)
	<i>Zennichi-sei</i> (Pang-araw)	<i>Teijisei</i> Panggabi <i>Gakunen-sei</i> Sistemang Grado	<i>Teiji-sei</i> Panggabi <i>Tani-sei</i> Sistemang yunit	<i>Tsushin-sei</i> (correspondence)	
Bayad sa Eksaminasyon	¥2,200	¥950	¥950	-	¥13,000
Entrance Fee	¥5,650	¥2,100	¥2,100	¥500	¥92,000
Uniporme,bag,P.E. uniporme atbp. *1	¥40,000-50,000	Mga ¥15,000		-	Mga ¥70,000
Bayad sa Paggamit ng mga kagamitan	-	-	-	-	¥108,000
Total (1)	Mga ¥60,000	Mga ¥20,000	Mga ¥20,000	¥500	Mga ¥283,000

* 1 Ang eskuwelahan o PTA ay maaaring makatulong magbigay ng iba't ibang bagay. Makipag-ugnayan lng sa ukol dito.

2. Iba pang bayarin pagkatapos ng enrollment (maliban sa tuition fee)

	Pampublikong high school				Pribadong eskuwelahan Pang-araw (ex.)
	<i>Zennichi-sei</i> (Pang-araw)	<i>Teiji-sei</i> Panggabi <i>Gakunen-sei</i> Sistemang grado	<i>Teiji-sei</i> Panggabi <i>Tani-sei</i> Sistemang yunit	<i>Tsushin-sei</i> (correspondence)	
Materyales ,textbook	Mga ¥15,000	¥10,000*2	*3		¥25,000
Iba pang Gastusin *4	Mga ¥130,000	¥66,000	Mga ¥32,000	Mga ¥2,600	¥72,000
Eskuwelahan tanghalian*5	-	¥26,000-51,000	-	-	-
Total (2)	Mga ¥145,000	Mga ¥100,000			¥97,000
Total (1) + (2)	Mga ¥205,000	Mga ¥120,000			¥380,000

*2 Teijisei (Panggabi) o Tsushin-sei (correspondence) at mga mag-aaral na nagtrabaho nang mahigit 90 araw (kasama ang part-time workers) ayon sa kalagayang pinansyal ng pamilya, ay exempted sa pagbabayad ng textbook

*3 Teijisei (Panggabi) o Tsushin-sei (correspondence) Ang presyo ng text, materyales at iba pang presyong gastusin ay maaaring magbago. Depende ito sa uri at bilang ng mga subject na pinipili ng estudyante.

*4 Ang iba pang gastusin ay depende sa paaralan. Magkaiba ang mga bayarin Ang halaga na nasa graph ay kalkulasyon lamang at maaaring magbago. Halimbawa ng field trips, espesyal na aktibidad at mga libro sa pag-aaral ng English ay dagdag na kabayaran.

*5 Sa Teijisei (panggabi), sinomang estudyante na nagtatrabaho(part time job)nang 90 araw o mahigit pa sa loob ng isang Taon, ayon sa pangangailangang pinansyal ng pamilya ay may diskwento o bababa ng kaunti ang bayad sa pagkain o (kyuushoku)

3. Tuition fee at iba pang tulong na pondo sa mga bayarin

	Pampublikong high school				Pribadong eskuwelahan Pang-araw (ex.)
	<i>Zennichi-sei</i> (Pang-araw)	<i>Teiji-sei Gakunen-sei</i> Panggabi Sistemang grado	<i>Teiji-sei Tani-sei</i> Panggabi Sistemang yunit	<i>Tsushin-sei</i> (correspondence)	
Tuition	¥118,800	¥32,400	¥1,740 / yunit	¥336 / yunit	¥406,000

"Koutou gakkou-tou shuugaku shien-kin" ay sistemang ang gobyerno ang magbabayad sa tuition fee. Mag-iiba ito depende sa natatanggap na sahod ng magulang sa loob ng isang taon.

Kung hindi makapag-aplay nito babayaran ang kabuuang halaga ng tuition fee.

* Magbabago ito mula Abril 2020.

Pampublikong high school		Pribadong eskuwelahan (Pang-araw) *	
Taunang Kita ng pamilya	Halaga ng Financial Support	Taunang Kita ng pamilya	Halaga ng Financial Support
Hindi aabot sa ¥9,100,000	Lahat ng Tuition Fee	Hindi aabot sa ¥5,900,000	¥396,000
		Hindi aabot sa ¥9,100,000	¥118,800
Higit sa ¥9,100,000	Wala	Higit sa ¥9,100,000	Wala

1) Maaring gumamit ng Financial Support

Mga mag-aaral na maaring makapag-aplay ng Financial Support

Ang magulang ay nakatatanggap ng 9,100,000 yen sa loob ng isang taon.

Subalit, 3taon (Teiji-sei, Tsushin-sei ay 4na taon) na lalagpas sa pag-aaral na estudyante ay hindi maaring makapag-aplay nito.

2) Paraan ng Aplikasyon

(1) Application form mula sa High School at (2) Magpasa sa papasukang School ng Tax Certificate o (Kazeishomeisho)ng magulang. Sa unang taon ng pagpasok, mag-aplay sa buwan ng Abril at Hulyo.

Sa pangalawang taon ay buwan ng Hulyo lamang.

4. Mga iba pang babayaran

Pagbayad sa School Trip	Kung sa loob ng bansa lamang aabot sa 80,000 yen at hanggang 150,000 yen para sa ibang bansa ang halaga ng school trip. Ang bayad ay maaaring hulugan sa unang taon, pangalawang taon pangatlong taon ang school trip.
Pagbayad sa Club Activities	Ang club activities ay may kabayaran. Halimbawa, uniporme, musical instrument, pamasaha sa pagpunta sa mga paligsahang palaro ng paaralan (shiai).
Pagbayad sa pamasaha *6	Pamasaha sa bus o tren. Ang mga estudyante na bibili ng pang isang buwan o hihigit pa na tiket ay makakamura. Ipagtanong lang sa istasyon ng bus o tren.

*6. Kung lumampas ng ¥15,000 ang pamasaheng ginagastos para pumunta sa eskuwelahan sa isang buwan, maaring tanggapin ang "Enkyori Tsugaku Hojokin" (Perang pantulong sa mga estudyanteng malayo ang pagitan ng kanilang bahay at eskuwelahan), depende sa kalagayan ng pangkabuhayan ng inyong pamilya.

IV. Programang Scholarship at Pautang sa Pag-aaral

Mayroong scholarship program at pautang sa pag-aaral para sa mga mag-aaral na kapos sa panggastos subalit masigasig makatapos ng pag-aaral. (Shuugakukin) ang tawag sa salitang hapon. Titingnan ang annual income ng magulang, grado sa pag-aaral, at estado ng pananatili sa bansa kung maaprubahan. Kailangang bayaran ito pagkatapos makagradweyt.

Pwedeng makahiram ng pera para sa pag-aaral ang pamilyang nagkasakit o namatayan ng magulang, natanggal sa trabaho, nalugi ang negosyo, o nakaranas ng sunog o kalamidad. May paaralan puwedeng bumaba ang bayarin sa entrance fee at tuition fee sa ganitong kadahilanan.

◆ Suporta para sa mga estudyante sa High School

(1) Scholarship para sa High School (*Shougaku kyufu-kin*)

Susuportahan ang mga gastusin sa pang-edukasyon maliban sa mga bayad sa pag-aaral.

Hindi na kailangan ibalik ito.

Maaaring tumanggap : Nakatira sa Shizuoka Prefecture, hindi aabot sa ¥2,500,000 ang taunang kita ng pamilya.

Halaga na matatanggap : Magkaiba ang halaga ayon sa bilang ng dependents at estado ng pamilya.

Public : ¥32,300~¥129,700 bawat taon (Correspondence : ¥36,500)

Private : ¥52,600~¥138,000 bawat taon (Correspondence : ¥38,100)

(2) Tulong upang makapag-aral muli (*Manabi naoshi shien*)

Kung tumigil sa pag-aaral, at nais ipagpatuloy, at mababa lang ang annual income ng pamilya, kung maaprubahan ay makakatanggap ng pangtuition sa loob ng dalawang taon.

(3) Suporta kapag nagkaproblema sa pamumuhay

Para sa mga pamilya na hindi nakakatanggap ng Scholarship para sa High School, subalit nagkaroon ng problema sa pagbabayad dahil sa kawalan ng trabaho o pagkalugi, sila ay maaaring bigyan ng konsiderasyon para mabawasan ang halaga ng bayarin.

Para sa Katanungan : Public : Shizuoka Kyouiku linkai Koutou Kyouiku Ka Tel 054-221-3111

Private : Shizuoka-ken Shigaku Shinkou Ka Tel 054-221-2065

◆ Shizuoka Prefectural Scholarship (*Shizouka-ken kyoiku shougakukin*)

Puwedeng mag-aapply : Kailangan nakatira ang magulang o tagapag-alaga sa Shizuoka ken.

Dapat ang kita ng mga magulang ay hindi aabot sa minimum standard.

Kailangan ng 2 joint guarantors, kung saan ang isa ay kailangang Japanese o permanent resident ng Japan. Ilan sa kanila'y pangangailangan ng sapat na grado sa klase.

Halaga ng mauutang :

18,000 /month (Para sa mga estudyante ng public school at nagcocommute galing sa kanilang tahanan)

23,000 /month (Para sa mga estuyante ng public school na hindi nagcocommute galing sa kanilang tahanan)

30,000 / month (Para sa mga estudyante ng sa pribadong eskwelahan at nagcocommute galing sa kanilang tahanan)

35,000 / month (Para sa mga estudyante pribadong paaralan at hindi nagcocommute galing sa kanilang tahanan)

*Maaring hindi makatanggap ng scholarship fund, kung tumatanggap ng welfare fund at single parent fund etc.

Para sa katanungan : High school education department, board of education of Shizuoka prefecture 054-221-2141

◆ Shizuoka Prefecture Pangabi / Correspondent Scholarship Rental

Mga puwedeng makapag apply : Mga estudyante ng Teiji-sei (pangabi) o Tsushin-sei (correspondence) high school sa Shizuoka-ken at may trabaho. Taunang kita ng pamilya ay hindi aabot ng ¥3,500,000. Kailangan ng 2 joint guarantors, kung saan ang isa ay kailangang Japanese o permanent resident ng Japan.

Halaga ng utang : ¥14,000 /buwan ※hindi puwedeng pagsabayin ang dalawang scholarship

*Ang estudyante ay malibre sa pagbabayad ng kanilang hiniram na pera pagkatapos ng graduation.

Kung tumigil ng pag-aral at hindi na pumapasok sa trabaho, dapat mong maibalik ang lahat ng perang inutang.

Para sa katanungan : High school education department, board of education of Shizuoka prefecture 054-221-2141

◆ **Shizuoka Prefecture Student Services Organization** (*Shizouka ken ikueikai shougakukin*)

Maaaring tumanggap : Mag-aaral na nakatira sa Prefecture, mga nag-aaral sa public high school pang-araw (zennechi), estudyante ng private high school (shiritsu)

Mababa ang kita ng pamilya sa standard. At permanenteng residente.

Kailangan ng higit sa 2.5 na grado ng Junior high school.

Kung mag-aply pagkatapos ng pagpasok sa high school, kailangan ng higit sa 2.2 na grado.

Halaga ng utang : ¥15,000 /buwan (Pampublikong high school / Karaniwang kurso)

¥17,000 /buwan (Pampublikong high school / Espesyalistang kurso o Comprehensive kurso)

¥24,000 /buwan (Pribadong high school)

For details : Shizuoka Prefecture Scholarship Association Tel 054-254-5239

Paghiram ng Pampaaral (Education Loan)

◆ **Japan Finance Corporation** (Education loan ng Pamahalaan) Para sa katanungan : 0570-00-8656

◆ **Welfare Fund para sa Single Parent (Boshi fushi kafu fukishi shikin)**

Gastos para sa pag-aaral (shuugaku shikin): Gastos para umpisahan ang pag-aaral sa high school, unibersidad, technical college o specialized vocational high school.

Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan (shuugaku shitake shikin) :

Gastos para pumasok sa elementarya, junior high school, high school, technical college, junior college o unibersidad ang anak na umaasa sa inyo.

Maaaring Tumanggap : Single Parent na pamilya o wala na ang ama at ina.

Halaga ng utang : Gastos para sa pag-aaral (shuugaku shikin): ¥27,000-52,500 /buwan

Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan : (shuugaku shitake shikin) ¥90,000-590,000

*Depende sa kalagayan ito ay magbabago.

Para sa katanungan : Social Welfare Division ng tinitirhang distrito (Shakai fukushika)

◆ **Systemang Magpautang ng Social Welfare Fund, Fund of education support**

(Gastos para sa paghanda ng edukasyon, Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan)

Gastos para sa paghanda ng edukasyon : Ang gastos na ito'y kinakailangan para mag-umpisa ng pag-aaral sa high school, technical college, professional school, junior college at unibersidad.

Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan : Ang gastos na ito'y kinakailangan para pumasok o mag-enroll sa high school, specialized vocational high school, technical college, junior college at unibersidad.

Puwedeng mag-aaply : Pamilyang maliit ang tinatanggap na sahod, nakatira ng anim na buwan pataas sa tinitirhang lugar ngayon. dito na maninirahan sa bansang Japan

*Hindi puwedeng isabay kung tumatanggap ng ibang tulong.,

Halaga ng mauutang : Gastos para sa paghanda ng edukasyon : high school; sa loob ng ¥35,000 /buwan,

Gastos para sa paghanda ng pagpasok sa eskwelahan : sa loob ng ¥500,000

Para sa katanungan : Social Welfare Council ng tinitirhang bayan (Shakai fukushi kyougikai)

Pribadong scholarship

◆ Catholic Maria St. Joseph Scholarship Foundation Trust

For Inquiries: Mitsui Sumitomo Shintaku Ginkou Koueki Shintaku Group : Tel:03-5232-8910

◆ The Ashinaga Scholarship

Kung ang magulang ay namatay dahil sa sakit, nagpakamatay, at hindi puwedeng makapagtrabaho dahil sa sakit For details : 03-3221-0888

◆ Suruga Scholarship Fund For details : Suruga Bank Head Office 055-962-5619

◆ Kiuchi Kensetsu Kinen Shougaku Kikin


Mitsui Sumitomo Shintaku Ginkou Koenki shintaku tanto Tel:03-5232-8910

◆ Suzuki Education and Culture Foundation For details : 053-447-8222

◆ Ryouwa Setsubi Memorial Scholarship Shizuoka Bank Public welfare Trust and Banking: 054-345-9101

◆ Yamazaki Takeshirou Scholarship Shizuoka Bank Public welfare Trust and Banking : 054-345-9101

V. SISTEMA NG PAGPILI NG MGA ESTUDYANTENG PAPASOK SA PAMPUBLIKONG HIGH SCHOOL



- Gustong pasukan na Pampublikong Paaralan ay makakapili ng isa lamang. Makakapamilya kahit alin paaralan basta sakop ng Shizuoka Ken.
- Kung galing sa Pribadong Paaralan ang estudyante ang Lungsod ang magtatakda ng maaaring pasukan.

① Zennichi-sei (Pang-araw)

(1) Pangkaraniwang pagpili (Ippan Senbatsu)

May dalawang uri ng pagpili; laganap (Kyoutsuu waku) at pagpiling namamahala ang eskuwelahan (Gakkou Sairyuu waku).

Sa laganap ay gagamitin ang tatlong materyales; "*Chosa-syo*" (Student Information Sheet), "*Gakuryoku-kensa*" (written eksaminasyon), "*Mensetsu*" (interview).

- "*Chosa-syo*" : Sitwasyon ng pagpasok, grado noong Junior High School at kundisyon ng pag-aaral noong Junior High School. Gagawin ito ng guro sa Junior High School (pahina 9-10).
- "*Gakuryoku-kensa*" : may limang subject; Wikang Japanese (Kokugo), Sosyal Agham, Matematika, Agham, Ingles. Ang mga uri ng subject ay pare-parehas sa lahat ng prepektura.
- "*Mensetsu*" : linterbyuhin para malaman kung anong klaseng mag-aaral. Pagkatapos ng Eksaminasyon (Gakuryoku-Kensa) gagawin.

May sariling kundisyon ng pagpili ang bawat paaralan. Itanong ang detalye sa guro ng Junior High School o Board of Education ng Prefecture. TEL 054-221-3114

(2) Espesyal na pagpili (Tokubetsu Senbatsu)

Paraan ng pagpili kung ang Estudyante ay Espesyal (Tokubetsu) ng High School. Kapareho ng pagpili sa Pangkaraniwang pagpili, sa parehong araw ang Eksaminasyon at Interbyu.

Uri ng pagpili	Angkop na estudyante	Paraan ng pagpili	Eskuwelahang gumagawa ng Bawa't pagpili	Bilang ng estudyanteng matatanggap
Dayuhang estudyante	May nasyunalidad ng ibang bansa at dumating sa Japan pagkaraan ng Abril, 2018 at namumu--hay kasama ang mga magulang. (dapat hindi pa nakaraan ang 3 taon mula noong dumating sa Japan) *1	<ul style="list-style-type: none">• <i>Chosa-sho</i> (Student Information Sheet)• <i>Mensetsu</i> (Interview)• Test ng saligang kakayahan ng Nihonggo *2• Obserbasyon sa kakayahan sa Nihongo at kasanayan sa buhay-paaralan etc..	Susono, Fujinomiya Higashi, Suruga Sogo, Yokosuka, Ogasa, Tootoumi Sogo, Hamamatsu Enoshima, Hamamatsu Higashi, Arai	Konti lamang *3
Estudyanteng bumalik dito sa Japan galing sa ibang bansa	Mga Japanese na nanirahan ng 1 taon o mahigit pa sa ibang bansa kasama ang tagapangalaga. Nakabalik mula Abril 2018 o may plano nang bumalik sa Japan. (wala pang 3 taon mula nang bumalik sa Japan)	<ul style="list-style-type: none">• <i>Chosa-sho</i> (Student Information Sheet)• <i>Mensetsu</i> (Interview)• <i>Gakuryoku-kensa</i> (Written Examination)	Atami, Mishima Minami, Numazu Johoku, Yoshihara, Fuji Higashi, Shizuoka Shiritsu Shimizu Sakuragaoka, Shizuoka Johoku, Shizuoka Ichiritsu, Seiryukan, Fukuroi, Hamamatsu Kita, Hamamatsu Minami, Hamamatsu Koto, Hamamatsu Konan, Hamamatsu Shiritsu	Konti Lamang

*1 Kung dumating sa Japan bago mag abril 2018, o nanirahan na dito dati, maaaring makipag-ugnayan sa Board of Education o sa nais pasukang Paaralan.

*2 Hindi lang Eksaminasyon sa wikang hapon titingnan din ang kakayahan sa pag-aaral.

*3 Noong 2019, sa loob ng 8 paaralan 21 ang nag apply, 16 ang pumasa.

Noong 2020, sa loob ng 8 paaralan 26 ang nag-apply, 19 ang pumasa.

② **Teiji-sei (panggabi)**

(1) Sistemang grado

Ang pagpili na ito'y ayon sa "*Chosa-syo*", "*Gakuryoku-kensa*", "*Mensetsu*". Sa written eksaminasyon, gagawa ng eksaminasyon ng pagsusulat ng salaysay o eksaminasyon ng subject. Piliin ng bawa't high school kung ano ang gusto nilang ipagawa sa estudyante. Sa eksaminasyon ng subject'y mapili sa limang subject.

Para sa 2021 schoolyear, ang isang paaralan ay (Shimada) "*Kokugo Wika*", at sa limang paaralan ay (Fuji, Fujinomiya Higashi, Fujieda Higashi, Shimada Shogyo, Haibara at Hamamatsu Kogyo) "*Kokugo o Wika at Suugaku o Math*", at sa ibang 10 paaralan ay "*sakubun o essay*".

(2) Sistemang yunit

Ang pagpili ay ayon sa "*Chosa-syo*", "*Gakuryoku-kensa*" at "*Jiyu-Hyogen*". Ang mag-aaral ay dapat tumagal ng pagsusuri ng 5 karaniwang mga paksa. Bibigyan ng eksaminasyong pagsulat ng sanaysay (sakubon) ang mga gustong pumasok sa kursong gabi at higit sa 20 taong gulang. Walang "*Gakuryoku-kensa*" sa kanila.

Mayroon din ng pagkalap sa Agosto para sa mga taong ang unang pasok ang ikalawang term.

③ **Tsushin-sei (Correspondence)**

Walang eksaminasyon dito. Ang pagpili ay ayon sa "*Chosa-syo*" at iba pang papel na pagpapahatid.

④ Muling pagtanggap

Pagkatapos ng karaniwang at espesyal na pagpili, kung may eskuwelahan o kursong hindi umabot sa limitadong bilang ang bilang ng nakapasa, magkakaroon pang higit na pagkalap ng mga estudyante roon. Ang pagpili ay ayon sa "Chosa-syo", "Mensetsu" at pagsulat ng sanaysay o maikling tisis

VI. "CHOSA-SYO" (Student Information Sheet)

"Chosa-syo" ang nakasulat dito ay ang grado ng klase, pamumuhay sa junior high school atbp. Puna ng Guro.

- ① Pangalan
- ② Number sa klase at ID

<Talaan ng pagpasok>

- ③ Bilang ng araw ng pagpasok atbp... Bilang ng liban, huling dumating at maagang umaalis mula 1st year grade-3rd year grade. Maraming liban sa klase at huling dumating ay hindi makakabuti.



<Talaan ng pag-aaral>

- ④ Grado sa bawat subject... Ang 3rd year ay ayon sa mga grado sa 1 at ika-2 semestre. Ang grado ay mula sa 1 hanggang 5 (5 ang pinakamataas).
- ⑤ Integrated education... Nakasulat ang ginawang kagandahan at grado noong ikaw ay nasa pangatlong grado.
- ⑥ The matter of worthy of special mention... Lahat ng magagandang bagay o magagandang ginawa ay isusulat.

<Talaan ng buhay sa eskuwelahan>

- ⑦ Talaan ng espesyal na aktibidad... Kung ang isang estudyante ay sumasali sa mga aktibidades sa klase, student council at mga palabas sa eskuwelahan, bibigyan siya ng markang ○.
- ⑧ Pag-uugali... Kung ang pag-uugali ay tumutugma sa nakasulat sa ibaba makakatanggap ng marking ○ (lifestyle habitat, fitness habitat, autonomy, sense of responsibility, creativity, pagmamahal sa kalikasan, pagtulong, sense of justice, public morality at pakikisama).
- ⑨ Isusulat din ang pangkalahatang marka ng physical fitness test..
- ⑩ The matter of worthy of special mention... Ang tungkulin at aktibidades bilang "kakari" o "iin-kai" sa eskuwelahan ay nakasulat din.
- ⑪ Rekord ng aktibidades... Ito ay tungkol sa mga klab na aktibidades, pang kultuka, physikal, boluntaryo at espesyal na mga gawain sa loob o labas ng eskwelahan ay nakasulat din.
- ⑫ At iba pa... Kung may bagay na dapat sabihin sa eskuwelahan tungkol sa estudyante, isusulat dito.

● Tayo na sa high school!!

Zen-nichi-sei (pang-araw) na high school ay magkakaroon ng open school at trayal na entrance sa Hulyo at Agosto. Doon naman sa panggabi na klase magtanong sa eskwelahan ng papasukang high school. Malalaman mo rin sa pamamagitan ng cultural festival(bunkasai) ng high school kung anong klase ng bawat eskwelahan.

Ang form ng Information Sheet ng Mag-aaral

Nais		zen tei tsu 全・定・通		Nais na Kurso			Reg No ※1		※2						
① Hiragana Pangalan		Kasarian			生 年 月 日 Yr Mo Day		平成 年 月 日 生(満 歳) heisei Yr mo day born yrs old								
					② Grp No						Grp		No		
					③ Kundisyon ng Attendance		Year	Absence	Late	Maagang	Mahalagang dahian ng Absence				
		1st 年													
		2nd 年													
		3rd 年													
Record ng Pag-aaral	④ Subject Grado	Wika	Social Studies	Math	Science	Music	Arts	PE	Tech・HE	English					
	⑤ Comprehensive Learning														
	⑥ Iba pa														
⑦ Extra-curricular				⑧ Record ng Aktibidad										⑨ Physical Test Over-all	
Detalye	Class Activity	Council Activity	Event	Item	Basic na Pag-aaral	Health PE	Bolun-taryo	Respons-ibilidad	Pagka malikhain	Kusa・Koopera-syon	Reseto at Kapakanan	Gawa at Serbisyo	Pagkaka-pantay	Mak amasa	
Kundisyon				Sitwasyon											
⑩ Komento															
⑪ Talaan ng Aktibidad		Nakamit na Award							Detalye						
⑫ Iba pa															
Nagpapatuunay ako na walang mali sa nakasulat .										令和3年 月 日					
Junior High School															
Nagsagot					印					Prinsipal					印

静岡県教育委員会

VII. SCHEDULE BAGO KUMUHA NG EKSAMINASYON

1. Third year junior high school

Abril-Mayo	School trip o field trip.
Mayo	Kalagitnaan ng 1 semestre (upang masukat ang antas ng napag-aralan).
Hunyo	Ang unang semestre ng final exam
Hulyo	Pag-uusap ng tatlong tao (magulang o kumakalinga, guro at estudyante).
Agosto	Open school, isang araw sa paaralan ng pakikisali o pakikipaglahok sa High school.
Setyembre	Mga pagsusulit ng Shizuoka ken achievement I (Pagsusulit/ exam para sa lahat ng Junior High school ng Shizuoka pref. para sa 5 subjects.)
Oktubre	Pangalawang semestre ng midterm exam.
Nobyembre	Pangalawang semestre ng final exam
Disyembre	Pangalawang mga pagsusulit ng Shizuoka- ken achievement Sansha-mendan o Pag-uusap ng tatlong tao (Magpasya ng listahan ng mga Paaralan na ang estudyante ay naa- angkop para dito)
Pebrero	Pagpapadala ng aplikasyon para sa pribadong high school, entrance exams at pag-aanunsyo ng mga natanggap na mga magaaral. Pagpapadala ng aplikasyon para sa public high school.
Marso	Entrance exams para sa public high school at pag-aanunsyo ng mga natanggap na mga magaaral. Ang seremonya ng pagtatapos ng isang junior high school.

2. Ang Iskedyul ng Entrance examination sa Public High Schools

1) Ang schedule ng pangkaraniwang pagpili at especial na pagpili

Panahon ng pagtanggap ng application form	Mula Pebrero 16 th , Martes ~ Pebrero 18 th , 2020 Huwebes, sa 12:00
Panahon ng pagtanggap ng pagbabago ng application	Mula Pebrero 24 th , Miyerkules ~ Pebrero 25 th , 2021 Huwebes, sa 12:00
Written Eksaminasyon, interview atbp.	Mula Marso 3 th , Miyerkules at Marso 4 th , 2021 Huwebes
Pagpapahayag ng mga estudyanteng nakapasa sa eksaminasyon	Mula 12:00 ng tanghali, Marso 12 th , Biyernes 2021 Ipapahayag ang mga number ng estudyanteng nakapasa sa eksaminasyon sa baw't high school.

* Ang panahon ng pagtanggap ng application form ng kursong correspondence (Tsushin-sei) ay mula-Marso 18th (Huwebes), 2021 hanggang 12:00 ng tanghali. Marso 29th (Lunes).

2) Ang schedule ng muling pagtanggap

Pagpapahayag ng pangalan ng eskuwelahan na gagawa ng muling pagtanggap at numerong tatanggapin	Mula Marso 12 th , Biyernes 16:00~
Panahon ng pagtanggap ng application form	Mula Marso 16 th , Martes hanggang 14:00, Marso 17 th , Miyerkules Martes
Interview, pagsulat ng sanaysay (sakubon) atbp.	Marso 22 th , Lunes
Pagpapahayag ng mga estudyanteng nakapasa sa eksaminasyon	Mula 12:00 AM, Marso 24 th , Miyerkules

3) Autumn pagpili ng kursong (panggabi)Teiji-sei na may sistemang yunit

(Mishima Choryo High School, Shizuoka Chuo High School, Hamamatsu Ohiradai High School)

Panahon ng pagtanggap ng application form	Mula Agosto 4 th , Miyerkules 2021, hanggang 12:00 AM, Agosto 5 th Huwebes
Eksaminasyon ng basic na kasanayan, malayang klaseng pagpapahayag ng sarili atbp.	Agosto 17 th , Martes
Pagpapahayag ng mga estudyanteng nakapasa sa eksaminasyon	Mula 12:00 AM, Agosto 24 th , Martes

3. Ang Iskedyul ng Entrance Examination sa Pribadong Senior High School

(1) Ang schedule ng pangkaraniwang

Panahon ng pagtanggap ng application form	Enero 26 th , Martes - Pebrero, 27 th Miyerkoles
Written Eksaminasyon, interview atbp.	Pebrero 2 th , Martes, Pebrero 3 th , Miyerkoles
